



Pag-IBIG Fund, katuwang ng bawat bayaning Pilipino sa mas magandang kinabukasan

Ito ang kuwento ni Gng. Rizalina “Lina” Ramirez Salisi, 53 anyos, may dalawang anak, nagtatrabaho bilang receptionist at medical secretary sa bansang Bahrain.

Tulad ng ibang Pilipino, si Lina ay tumulak patungong ibang bansa upang matugunan ang pangangailangan ng kanyang pamilya na mag-isa niyang itinataguyod matapos pumanaw ang kanyang asawa. Kasabay sa pagsuporta sa kanyang mga mahal sa buhay, sinisiguro din ni Lina na kanyang mapaghahandaan ang kanilang kinabukasan sa pamamagitan ng regular na pag-iimpok. Ang hangaring ito ang nagbigay daan upang makilala ni Lina ang Pag-IBIG Fund sa bansang Bahrain.

Sa pamamagitan ni Dra. Josephine Fernandez, *Information Officer* ng Pag-IBIG sa Bahrain, ay nahikayat si Lina na maging miyembro ng Pag-IBIG Fund noong 1999, bago pa man ito maging *mandatory* para sa mga Overseas Filipino Workers (OFWs).

Sa panayam kay Lina, ibinahagi niya ang kanyang lubos na pasasalamat kay Dra. Fernandez na matiyagang nagpaliwanag ng mga benepisyo ng isang miyembro ng Pag-IBIG. At sa tulong nga ng Pag-IBIG ay nakapag pundar siya ng apat na bahay, kung saan tatlo dito ay kanyang pinapaupahan ngayon at pinagkukunan ng buwanang pangastos ng kanyang anak at apat na mga apo. **Dalawa sa apat na bahay ni Lina ay kanyang nabili sa pamamagitan ng housing loan sa Pag-IBIG samantala ang dalawa naman dito ay nabayaran ang equity at loan balance sa tulong nakuhang halaga ni Lina sa kanyang Multi-Purpose Loan (MPL) na nagkakahalaga ng P64,000.00 at P100,000.00.**

Ayon kay Lina, sa simula ay hindi siya naniniwala sa mga programa ng Pag-IBIG. Subalit nang minsang may biglaan siyang pagkakagastusan, ito ang una at mabilis na tumugon at nagkaloob sa kanya ng pautang. Kanya ring ikinatuwa na ang maliit na halagang inihuhulog niya ay siya palang makakatulong sa kanya sa oras ng pangangailangan.

Nagsimulang mag-impok si Lina sa Pag-IBIG Fund noong Enero 1999 sa halagang \$40 lamang. Ito ay sa ilalim ng Pag-IBIG Overseas Program (POP) na noon ay isang boluntaryong programa para sa mga OFWs. Sa kasalukuyan, siya ay naghuhulog ng **P500.00 kada buwan sa Pag-IBIG I at \$ 200 naman sa Modified Pag-IBIG II Program (MP2)**. Ang Pag-IBIG I ay ang *mandatory membership program* para sa mga OFWs kung saan ang buwanang hulog ay P100.00 lamang. Samantala, ang MP2 ay isang voluntary savings program **kung saan ang dibidendong kinikita nito ay mas mataas kumpara sa regular membership program ng Pag-IBIG. Sa ilalim ng MP2, ang buwanang hulog ay hindi bababa sa P500.** Ito ay bukas sa lahat ng miyembro ng Pag-IBIG I.

Maging ang kanyang anak na isa ring OFW sa Abu Dhabi ay regular na naghuhulog ng \$100 sa Pag-IBIG dahil na rin sa kanyang panghihikayat. Ayon pa rin kay Lina, naging ugali na niya ang dumiretso sa *remittance center* tuwing matatanggap niya ang kanyang suweldo upang magtabi ng kanyang ipon sa Pag-IBIG. Katwiran niya, ayaw niyang matulad sa karamihan ng mga OFWs na matapos magtrabaho ng mahabang panahon malayo sa kanilang mga pamilya ay muling uuwi sa Pilipinas na walang-wala pa rin. Aniya, *“kesa kung anu-ano ang binibili, mas magandang mag-impok na muna ako.”*

Hiling ni Lina sa Pag-IBIG Fund na mas palaganapin ang kampanya at ipaunawa sa bawat OFW miyembro ang kahalagahan ng pag-iimpok upang hindi masayang ang kanilang pagpapagod sa ibang bansa. Tulad niya na mahigit 25 taon nang nagtatrabaho na malayo sa pamilya, nais ni Lina na magretirong na may sapat pa ring pagkukunan ng kanyang pangangailangan.

Sa kasalukyan si Lina ay mayroon nang impok sa Pag-IBIG Fund na aabot sa humigit kumulang **P 290,000.00** na patuloy namang lumalaki habang patuloy din si Lina sa kanyang paghuhulog dito.

Totoo ngang sa Pag-IBIG Fund, ang pinaghirapan, may katuparan.